Suffolk County Sentro ng Pagbawi sa Sakuna Permanenteng Magsasara Okt. 30

Release Date: Oct 28, 2021

Ang Suffolk County Disaster Recovery Center (Sentro ng Pagbawi sa Sakuna) ay permanenteng magsasara ng 6 n.g. Sabado pero ang mga residenteng apektado ng Bagyong Ida ay makakakuha pa rin ng tulong sa kanilang pang-FEMA na aplikasyon sa tulong sa sakuna. Telepono, kompyuter, o mobile device lang ang kailangan para makakuha ng tulong.

Ang sentro ng pagbawi ay matatagpuan sa Rose Caracappa Senior Center sa 739 NY-25A sa Mount Sinai. Habang ito lang ang sentro ng pagbawi sa Suffolk County, may pito pang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna sa mga kalapit na county na mananatiling bukas mula **10 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes hanggang Sabado. Sarado ang lahat tuwing Linggo. Sila ay ang:**

- Hostos College, 450 Grand Concourse, Bronx, NY 10451
- Public Library, 136 Prospect Ave., Mamaroneck, NY 10543
- Queens College, 152-45 Melbourne Ave., Queens, NY 11367
- Medgar Evers College, 231 Crown St., Brooklyn, NY 11225
- College of Staten Island, 2800 Victory Blvd., Staten Island, NY 10314
- Michael J. Tully Park Physical Activity Center, 1801 Evergreen Ave., New Hyde Park, NY 11040
- Orangetown Soccer Club Complex, 175 Old Orangeburg Road, Orangeburg, NY 10962

Ang mga espesyalista sa mga sentro ay handang sumagot sa inyong tanong kabilang ang tungkol sa pagkaantala sa pagtanggap ng sagot mula sa FEMA tungkol sa inyong kwalipikasyon para makatanggap ng tulong at matutulungan din kayong mag-upload ng dokumento sa inyong account.

Makakabisita din kayo sa kahit anong Sentro sa Pagbawi sa Sakuna para makipag-ugnayan sa mga kawani ng FEMA at kinatawan ng mga pampederal at pang-estadong ahensiya. Itong mga sentro ay may kakayahang gumamit ng teknolohiya para sa mga may kapansanan. Kung kayo ay nangangailangan ng

kagamitang pang-teknolohiyang natatangi, sabihin ito sa espesyalista kapag tumawag kayo sa FEMA Helpline.

Para maka-apply sa pagtanggap ng tulong sa FEMA, bumisita sa DisasterAssistance.gov, gamitin ang FEMA mobile app o tumawag sa **FEMA Helpline** sa **800-621-3362**. Kung kayo ay gumagamit ng video relay service (VRS o serbisyong may relay sa bidyo), captioned telephone service (serbisyong may caption sa telepono) atbp, ibigay ang numero ng serbisyong iyon sa FEMA. Ang mga operator ng Helpline ay handang tumulong mula 8 n.u. hanggang 7 n.g. araw-araw. Pindutin ang 2 para sa Kastila. Pindutin ang 3 para sa tagapagsaling nagsasalita ng inyong wika.

Ang mga nakaligtas ay hindi kinakailangang bumisita sa isang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna para makatanggap ng tulong. Kung nakatira kayo sa **Bronx, Dutchess, Kings, Nassau, Queens, Richmond, Rockland, Suffolk o sa Westchester County,** at kayo ay nagkaroon ng pagkasira, pagkawala, o kayo ay hindi makakatira sa inyong bahay dahil sa Bagyong Ida, kayo ay hinihikayat na mag-apply para makatanggap ng tulong sa sakuna mula sa FEMA bago pa bumisita sa isang sentro ng pagbawi.

Ang huling araw para makapag-apply para sa pagtanggap ng tulong sa sakuna mula sa FEMA ay **Lunes, Dis. 6**.

Para sa karagdagang impormasyon sa online pati na rin ang ma-da-download na polyetong pang-FEMA at iba pang pantulong, bumisita sa DisasterAssistance.gov at i-click ang “Information.”

Para maturo sa mga ahensiya na sumusuporta sa mga pangangailangan para sa komunidad, tumawag sa 211 o bumisita sa 211nys.org/contact-us. Para sa mga residente ng Lungsod ng New York City, tumawag sa 311.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagsisikap sa pagbawi ng New York, bumisita sa fema.gov/disaster/4615. Sundan kami sa Twitter sa https://twitter.com/FEMARegion2 at sa Facebook sa facebook.com/fema..